

MGA PAMANTAYANG TINUTUGUNAN

- Matututunan ng mga estudyante kung paano makipag-ugnayan at makipagtulungan sa mga grupo.
- Maisabuhay ng mga estudyante ang mga kasanayan sa pagsasalitan, pakikinig sa iba, at pagsasalita nang malinaw.
- Gagamit ang mga estudyante ang mga aktibo at atentibong kasanayan sa komunikasyon, pagbatayan ang mga ideya ng iba para tumuklas, matuto, magsaya, makipagdebate, at makipagpalitan ng impormasyon.

MGA LAYUNIN

Mauunawaan ng mga estudyante ang pagtutulungan ay teamwork.

Sasanayin ng mga estudyante ang pakikipagtulungan sa pamamagitan ng paggawa nang magkakasama para sa iisang layunin at pagbabahagi ng mga benepisyo.

Mauunawaan ng mga estudyante kung ano ang pakiramdam na tumulong sa iba at may tumulong sa kanila.

Matututunan ng mga estudyante ang kahalagahan ng komunikasyon kapag nakikipagtulungan at kung paano mas mahusay na makipagtulungan sa paaralan at sa tahanan.

MGA KINAKAILANGANG MATERIALES

- Dalawang deck ng mga baraha (“Panimula”)
- Dalawang maliliit na basket (“Panimula”)
- Pisara o chart paper at marker (“Gawin Ko” at “Gawin Mo”)
- Malaking plastik na inumang tasa (“Gagawin Natin”)
- Mga bead (“Gagawin Natin”)

Panimula

5 Minuto

Sabihin sa mga estudyante, “Ngayon, ipapakita ko sa inyo kung paano nakakatulong ang teamwork para matapos ang gawain.” Hilingin sa tatlong estudyante na tulungan ka at sabihin sa kanila na sila ay magtutulungan sila bilang grupo laban sa iyo. Ikalat ang magkabilang deck ng mga baraha at tukuyin kung aling deck ang sa iyo at alin ang para sa grupo ng mga estudyante. Sabihin sa klase, “Manood habang kinukuha ko ang mga baraha na ito isa-isa at inilalagay ang mga ito sa aking basket, at panoorin ang inyong mga kaklase na nagtutulungan na kunin ang iba pang hanay ng mga baraha at inilalagay ang mga ito, isa-isa, sa kanilang basket. Magtutulungan tayong lahat nang mabilis hangga't maaari. Pansinin kung sino sa atin ang makatapos ng gawain nang mas mabilis—ako na gumagawa nang mag-isa, o ang grupo ng tatlo. Handa na—simulan na!”

Kaalamang Ipinpresenta ng Guro/Gagawin Ko

15 Minuto

Pagkatapos isagawa ang aktibidad, sabihin sa mga estudyante na alamin kung sino ang mas mabilis na nakatapos ng trabaho. (Dapat sumagot ang mga estudyante na mas mabilis na natapos ng grupo ng tatlong estudyante ang gawain dahil mas marami silang nagtutulungan.) Sabihin sa mga estudyante na makakatulong ang epektibong pagtulungan na gawing mas madali at mas mabilis ang gawain. Pagkatapos, itanong sa mga estudyante, “Sa palagay ba ninyo, mas mabilis kayang natapos ng tatlong estudyanteng ito ang gawain kaysa sa akin kung nagtalo sila sa buong panahon? Nakakita na ba kayo ng grupo na nagkawatak-watak dahil sa pagrereklamo, pagtatalo, o masamang ugali?” Bigyan ng oras ang mga estudyante na sumagot. Pagkatapos ay sabihin,

“Ngayon, matututo tayo kung paano kumilos at magsalita nang epektibo kapag nakikipagtulungan sa grupo.”

Gumuhit ng T-chart sa pisara o anchor chart na may label sa isang gilid na “Tunog ng Pagtutulungan:” at ang kabilang gilid ay may label na “Anyo ng Pagtutulungan:” at, bilang isang klase, mag-isip kung paano dapat kumilos ang isang grupo kapag naagtulungan. *(Ang mga halimbawa ng kung ano ang anyo ng pagtutulungan ay maaaring kabilang ang pagsasalita ng mahina, pananatiling kalmado, pakikinig sa mga kagrupa, pagbigyan na magsalita ang bawat kagrupa, pagpapalitan, paghikayat sa iba, kabilang ang lahat, atbp.)*

Mag-isip ng mga salita, parirala, o panimulang pangungusap na dapat gamitin ng mga miyembro ng grupo upang hikayatin ang isa't isa at isulong ang pagtutulungan. *(Ang mga halimbawa kung ano ang tunog ng pagtutulungan ay maaaring kabilang sa “Pakiusap,” “Salamat,” “Paumanhin,” “Maaari ba akong tumulong?” “Hindi ako sumasang-ayon sa iyo dahil...,” “Sumasang-ayon ako sa iyo dahil...,” “Maaari mo bang ipaliwanag ulit?” atbp.)*

Magtapos sa pamamagitan ng pagsasabi sa mga estudyante na mahalagang gumamit ng wika at mga kilos ng pakikipagtulungan kapag gumagawa ng gawain bilang isang grupo.

Pinapatnubayang Pagsasanay ng Estudyante/GagawinNatin

15 Minuto

Hatiin ang mga estudyante sa maliliit na grupo at bigyan ang bawat grupo ng isang tasa na puno ng mga plastik na bead. *(Siguraduhin na puno ang bawat tasa ng parehong dami ng mga plastik na bead. Upang gawin ito, gumamit ng tasang panukat upang sukatin ang dami ng mga bead.)* Tagubilinan ang mga estudyante na maghintay habang ibinubuhos mo ang bawat tasa ng mga bead sa harap ng bawat grupo. Sabihin sa mga estudyante na, kapag inutusang magsimula, ang bawat grupo ay

magtutulungan bilang isang grupo upang linisin ang kanilang mga bead sa pamamagitan ng paglalagay nito sa tasa. Ipaliwanag na magtutulungan ang mga estudyante upang tapusin ang gawain. Subaybayan upang makita na ginagawa ng bawat estudyante ang kanilang bahagi sa gawain. Makinig para sa wika ng pakikipagtulungan at papuri sa mga grupo kapag ginamit nila ito. Pagkatapos makumpleto ang aktibidad, hilingin sa mga estudyante na ibahagi kung aling wika at mga kilos ng pagtutulungan ang narinig at nakita nilang ginagamit ng kanilang mga teammate.

Sariling Pagsasanay ng mga Estudyante/Gagawin Mo

15 Minuto

Gumawa ng anchor chart na nagbibigay-kahulugan sa pagtutulunganna pinamagatang “Pagtutulungan upang Makamit ang Isang Bagay.” Tagubilinan ang mga estudyante na idagdag ang mga halimbawa sa anchor chart sa mga oras na nagtutulungan sila para magawa ang isang bagay (*halimbawa, paglilinis ng bahay, paglilinis ng bakuran, paghuhugas ng pinggan, pagpapalano ng isang party, paggawa ng proyekto sa paaralan, atbp.*). Hilingin sa mga estudyante na talakayin ang mga benepisyo ng pagtutulungan kapag ginagawa ang mga bagay na ito.

Ipaalala sa mga estudyante na mahalagang matutunan kung paano makipagtulungan sa iba. Suriin ang mga kilos at wika na nagtataguyod ng epektibong pagtutulungan.

Pagtatasa sa Estudyante

1. Ano kaya ang mangyayari kung hindi nagawa ng isa ang kanilang bahagi sa trabaho?
2. Mas mabuti bang mag-alok ng tulong o maghintay na humingi ng tulong?
3. Sa tingin mo ba ay nakikipagtulungan ka nang maayos?
4. Paano ka makikipagtulungan nang mas mabuti sa iyong mga kaklase?

MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

PAGPAPALAWIG NG SINING

Gumawa ng “kumot ng pagtutulungan” sa pamamagitan ng pagpapaguhit sa bawat estudyante ng larawan ng nagaganap na pagtutulungan at pagdugtong ng mga guhit upang makagawa ng isang “kumot.”

PAGPAPALAWIG NG SINING

Hatiin ang mga estudyante sa apat na grupo para maglaro ng Pictionary, kung saan isa-isang iguguhit ng mga estudyante ang ibinigay na salita at susubukan ng kanilang grupo na hulaan kung ano ang iginuhit. Kung hindi ito mahulaan ng grupo, maaaring “kunin” ng ibang mga grupo ang punto at subukang hulaan.

PAGPAPALAWIG NG ELA

Tagubilinan ang mga estudyante na sumulat ng talata tungkol sa kung ano ang kahulugan ng teamwork para sa kanila.

PAGPAPALAWIG NG DRAMA

Tagubilinan ang mga estudyante na magsadula ng mga sitwasyong nagpapakita ng pagtutulungan.

PAGPAPALAWIG NG PANITIKAN

Talakayin ang *The Little Red Hen* sa mga estudyante at itanong sa kanila ang mga sumusunod:

- Ano ang gustong gawin ng Pusa, Aso, at Daga buong araw? Ano ang ginagawa ng Little Red Hen buong araw?
- Ano ang sinabi ng Pusa, Aso, at Daga nang humingi ng tulong ang Little Red Hen sa paggawa ng cake? Ano sa palagay mo ang naramdaman ng Little Red Hen?
- Ano ang mangyayari kapag ang Little Red Hen ay nag-bake ng cake? Sa tingin mo ba, dapat siyang magbahagi ng kanyang cake sa Pusa, Aso, at Daga? Bakit o bakit hindi?
- Anong aral ang matututunan natin tungkol sa pakikipagtulungan sa kuwentong ito?

Gabayan ang mga estudyante na maunawaan na nagpapadali sa isang gawain ang pagtutulungan at nakikinabang ang lahat ng kasangkot.